# Ang Pilosopiya ng Edukasyon ni Emerita S. Quito / *The Philosophy of Education of Emerita S. Quito*

**Jerwin M. Mahaguay**
University of Rizal System-Pililla
jerwinmds@yahoo.com

Layunin ng papel na ito na ipakita ang Pilosopiya ng Edukasyon ni Emerita S. Quito na nakasandal sa Makabayang Pilosopiya tungo sa pagbabago ng lipunan. May dalawang yugto ang papel na ito. Ang una ay ang paglalathala ng kaniyang pilosopiya ng edukasyon na nahahati sa limang bahagi: a) teorya ng edukasyon, b) pagpapahalaga bilang pundasyon ng diwang Filipino, c) wika at edukasyon, d) kurikulum para sa edukasyong Filipino, at e) edukasyon at ang posibilidad ng bagong kultura at kamalayan. Samantálang ang ikalawang yugto ay pagsipat sa posibilidad ng pilosopiya ng edukasyong ito sa likod ng kasalukuyang diskurso at kalagayan ng bansa, ang Globalisasyon.

**Mga Susing Salita:** Emerita Quito, Pilosopiya ng Edukason, Deskolonisasyon, Globalisasyon

*This paper aims to show Emerita S. Quito's Philosophy of Education for the Filipinos which is centered on nationalist sentiment towards social reconstruction. This paper has two stages. The first is the discussion of her philosophy of education which is divided into five parts which are: a) theory of education, b) values as basis for Filipino-diwa, c) language and education, d) curriculum for Filipino education, and e) education and the possibility of new culture and consciousness. Then the second stage is the analysis of the possibility of her philosophy of education in the backdrop of current discourse and state of the country— globalization.*

***Keywords:*** Emerita Quito*, Philosophy of Education, Decolonization, Globalization*

Copyright © 2018 by De La Salle University

## PANIMULA

Isang pagpupugay ang papel na ito sa pantas na si Emerita S. Quito, ang sinasabi ni Romualdo Abulad na "Socrates ng Pilipinas" (*"Introduction"* iii) Makatwiran ding sabihin na hindi lámang siya isang magaling na pilosopo kundi isang magaling na makabayang pilosopo. Kabilang siya sa sinasabi ni Rizal sa wika ni Pilosopong Tasyo na "hindi lahat ay natutulog sa madilim na gabi ng bayang ito," dahil mayroon talagang mga nagmumuni-muni ukol sa higit na kaluwalhatian ng bayan. Malinaw kay Quito na ang hinaharap ng bayan ay bunga ng mga may maláy na pagpili sa mga bagay na may kinalaman sa pagkatuto ng mga mamayan. Kayâ nga isinusulong niya ang edukasyon na nakabatay sa pagmamahal sa bayan o nasyonalismo tungo sa rekonstruksyon ng lipunan. Para sa kaniya, kailangan ang deskolonisasyon upang alisin ang impluwensiya ng mga dayuhan na naipunla sa loob ng mahigit tatlo't kalahating sentenaryo ng pananakop. Sa ganitong punto ay mababalikan ang kakaniyahan at kadalisayan ng diwang Filipino. Lilitaw muli ang pagpapahalagang Filipino na siyang simula ng isang matibay na pilosopiya ng edukasyon at marapat na pundasyon ng mga bansang nasa Third Word.

Bagaman marami na ang nagtangkang ilagay ang nasyonalismo bílang batayan ng pilosopiya ng edukasyon, kakaiba ang paraan ni Quito sapagkat isinabay niya ito sa pangangailangan ng pragmatiko at makaesensiyang (klasiko) kaalaman. Samakatwid ang kaniyang pilosopiya ng edukasyon ay nakabatay sa kasalukuyang sitwasyon ng bansa kung saan ang mga Filipino ay nasa krisis ng pag-alam ng pagmamahal sa bayan at praktikal na ideya ukol sa pagtatrabaho at paninirahan sa ibang bansa.

### Kaligiran ng Pag-aaral

Ang pantas na si Emerita S. Quito bílang isang mortal ay pumanaw noong ika-17 ng Setyembre taóng 2017, subalit ang kaniyang mga kaisipan at akda ay nagpapatuloy. Napakarami na ang nasabi sa kaniya bílang isang kaibigan, guro, pilosopo, at kasámang manggagawa, makikita ito sa isinulat ni Anne Quito, pamangkin ni Emerita S. Quito, sa isang blog na pinamagatang "The Philippines' Greatest Female Philosopher Has Died" (2017). Lumilitaw sa akdang ito ang paglalarawan kay Quito bílang isang pangkaraniwang tao na may higit sa pangkaraniwang paraan ng pagsasabúhay ng kaniyang mga kaisipan at pananaw. Sa diwa ng kapalarang mortal ay marahil tama si Anne Quito na pumanaw na nga ang pinakamagaling na Filipinang pilosopo.

Pumanaw na ang pilosopong si Quito, subalit magandang tingnan na buháy at nagpapatuloy ang kaniyang sinimulang kilusan ng pamimilosopiya at diskurso sa Pilipinas. Si Emmanuel De Leon ng Pamantasan ng Santo Tomas, kamakailan lámang, ay naglabas ng isang artikulo na may pamagat na "Emerita S. Quito (1929–): Ang Ugat ng Isang Panibagong Direksiyon ng Pamimilosopiya sa Pilipinas" (2017). Ipinapakita ng akdang ito ang kilusang sinimulan ni Quito kung saan pinayabong niya ang kritikal na pamimilosopiya sa Pilipinas at nagpapatuloy ito hanggang sa ngayon. Makikita sa akdang ito ang kakaibang pamamaraan ng pamimilosopiya ni Quito na nagdala ng búhay sa tradisyon ng pilosopiya sa Pilipinas na hiwalay sa Tomistikong tradisyon na matagal nang nasa pedestal ng mga kagawaran ng pilosopiya sa mga pamantasan sa bansa.

Samantálang malakas pa man si Quito ay matagal na ring pinag-uusapan ang kaniyang mga kaisipan. Noong taóng 2000 ay inilabas ni F.P.A. Demeterio III ang kaniyang artikulo na "Re-Reading Emerita Quito' Thoughts on the Underdevelopment of Filipino Philosophy" (2000) at sinundan pa ito ng isinulat din ni Demeterio noong 2013 na pinamagatang "Status and Directions for 'Filipino Philosophy' in Zialcita, Timbreza, Quito, Abulad, Mabaquiao, Gripaldo, and Co (2013)." Ang unang artikulo ay pagsipat sa isinulat ni Quito hinggil sa kalagayan ng pilosopiya sa Pilipinas samantálang ang pangalawa ay pagtataas na kay Quito bílang ganap na Filipinong pilosopo at isa sa mga pundasyon ng pilosopiya sa Pilipinas. Gayundin noong 2016 ay may lumabas na namang isang artikulo hinggil sa pagsilip sa kabuuan ng pilosopiya ni Quito at ito ay isinulat ni Leslie Anne L. Liwanag na pinamagatang "Ang Pilosopiya ni Emerito S. Quito" (2016).

Samantálang naiiba ang akdang ito dahil tumutukoy ito sa pilosopiya ng edukasyon ni Quito. Gayundin, sa pagsipat sa kaisipang pang-edukasyon ni Quito sa Pilipinas ay ginagamit ng mananaliksik ang mga makabagong salik sa kalagayan ng bansa tulad ng globalisasyon na bagaman mayroon na noong panahon ni Quito ay higit itong malakas at maimpluwensiya sa kasalukuyan.

Ginamit ng mananaliksik ang paraan ng tekstuwal na pagsipat sa mga akda ni Quito para palutangin ang kaniyang pilosopiya ng edukasyon. Samakatwid ay ginalugad at binása ng mananaliksik ang lahat ng mga akda ni Quito na nakasulat sa wikang Filipino at Ingles. Buhat sa mga akdang ito ay inihiwalay ang mga may tuwirang kinalaman sa tema ng edukasyon at itinuring itong pangunahing batis ng pilosopiya ng edukasyon ni Quito. Ang mga akdang ito ay tuwirang naglalaman ng mga teorya ng edukasyon ni Quito. Ang mga akda naman na higit na nagpapalakas sa mga diskurso ni Quito sa pangunahing batis ay tinawag ng mananaliksik na pantulong na batis. Kayâ sa hulí ay lumitaw nga ang sumusunod na pagbabahagi sa ibaba:

**Pangunahing Batis**

1. “Philosophy of Education for Filipinos (1984)”
2. “Pilosopiya ng Edukasyon sa Diwang Pilipino (1985)”
3. “Ang Pilosopiya: Batayan ng Pambansang Kultura (1981)”
4. “Ang Pilosopiya sa Diwang Pilipino (1972)”
5. “Regeneration of Moral and Social Vaues (1974)”
6. “Values as a Factor in Social Action (1984)”
7. “The Ambivalence of Filipino Traits (1988)”
8. “Ang Kaugnayan ng Wikang Pambansa at Edukasyon (1987)”
9. “Pilipino ang Ating Wika (1972)”
10. “Ang Kayamanan ng ating Wika (1979)”

**Pantulong na Batis**

1. “Should Communism be Taught in the Universities (1978)”
2. “Marcuse: Students make the best Demonstrators (1970)”
3. “Structuralism, Pilipino and a Universal Language (1971)”
4. “The Evolving Concept of the University (1972)”
5. “The Role of the University in Changing Women’s Consciousness (1978)”
6. “Teaching and Research of Philosophy in the Philippines (1982)”
7. “The State of Philosophy in the Philippines (1983)”
8. “Maaari Bang Magtagumpay ang Komunismo sa Pilipinas (1986)”

## I. Ang Pilosopiya ng Edukasyon ni Quito

Kilala si Quito bílang tagapagtaguyod ng edukasyong Filipino para sa mga Filipino. Sa mahigit apat na dekada ng pananatili niya sa akademya at pamimilosopiya ay halos nasa ikatlong bahagi ng kaniyang mga akda ang nakatuon sa pilosopiya ng edukasyon para sa mga Filipino. Ang kaniyang mga akda sa paksang ito ay maaaring hatiin sa limang grupo na halaw sa mga papel na kaniyang nailimbag.

Limang bahagi ng Pilosopiyang Pang-edukasyon ni Quito.

### A. Ano ang Edukasyon?

Walang isang kahulugan ang edukasyon para kay Quito (“The Role of the University in Changing Women’s Consciousness” 592-595), pero sa kaniyang mga akda ay may lumalabas na apat na elemento na maaaring gawing batayan sa panimulang pagtanaw sa kaniyang pilosopiya ng edukasyon. Para sa kaniya ang edukasyon ay: una, hindi lámang paglalagay o pagpapayabong ng kaalaman kundi ito rin ay nag-uugnay tungo sa ikauunlad ng tao; ikalawa, ito ay nakaangkla sa pagpapahalaga at pag-uugali; ikatlo, ito ay nag-uudyok sa pagkakaroon ng mapanuring pag-iisip; at ikaapat, walang isang sistema ng edukasyon na tutugma sa lahat ng bansa at pagkakataon

### 1) Ugnayan ng Kaalaman at Kaunlaran

Nagsimula si Quito sa diskurso na ang edukasyon ay hindi lámang pawang pagsasalin, pagbibigay o pagpapayabong ng kaalaman. Malinaw kay Quito na hindi lang kaalaman ang siyang layunin ng edukasyon, mayroon pang dapat itong patunguhan. Dinagdagan pa ni Quito ang paghamak sa tradisyonal na konsepto ng edukasyon bílang pagbibigay ng karunungan sa pagkuha niya sa wika ni Alfred North Whitehead na nagsabi na "ang táong hindi sapat ang kaalaman ng pinakawalang halagang nilikha sa mundo" ("The Aims of Education" 592, akin ang salin). Mahihinuha sa linyang ito na hindi tumatalikod si Quito sa táong punô ng kaalaman, kundi tumatalikod lámang siya sa mga táong humihinto na sa tanging pagiging maraming alam lámang. Sa gayon ay sinasabi niya na hindi lámang dami ng nalalaman ang sukatan at hangganan ng edukasyon.

Para kay Quito, sa pag-aaral niya sa kababaihan sa Asya, kung ihahambing sa pangkalahatan, dapat ang edukasyon ay dumadaloy sa kaligiran ng pag-unlad. Sa gayon masasabi natin na ang edukasyon kay Quito ay hindi maaring ihiwalay sa kaunlaran. Ang kaalaman na walang dulot na kaunlaran ay hindi isang edukasyon kundi purong kaalaman lámang. Wika ni Quito, "dapat pumapasok ang edukasyon sa nakakaunawa nito, pinapalakas sila at binabago" ("A New Concept of Philosophy" 13, akin ang salin). Nandoon ang paghamon niya na dapat ay binabago, pinalalakas, at pinauunlad ng edukasyon ang sinumang mayroon nito. Sa puntong ito ay tila dapat namang linawin ang mga aspekto tulad ng: **pundasyon ng kaunlaran** at **paraan upang maisalin ang kaalaman tungo sa kaunlaran**, sapagkat ito ang nagpapaiba sa kaisipan ni Quito sa edukasyon.

### 2) Pundasyon ng Gawi at Pag-uugali Tungo sa Kaunlaran

Ang kaunlaran, wika ni Quito, ay hindi lámang pang-ekonomiya. Tuwiran niyang tinalikuran ang pahayag ng United Nations Conference on The Human Environment na ginanap noong 1972 sa Stockholm kung saan sinasabi na kahirapan ang pangunahing sumisira sa kapaligiran ng tao. Para sa kaniya, ang problema ay ang tamang pag-uugali ng tao tungo sa kahirapan. Matuwid niyang sinabi na "hindi kahirapan ang sumisira sa kapaligiran ng tao kundi ang hindi pagiging kontento at hindi pang-angkop sa paligid" ("Role of the University in Changing Women's Consciousness" 594, akin ang salin). Makikita sa mga linyang ito ni Quito na may mas pinag-uugatan ang kahirapan at iyon ay ang kawalan ng tamang pag-uugali. Kung babaliktarin ay malinaw na sinabi ni Quito na,

Ang kahirapan na may dignidad at respeto sa sarili ay higit na kaaya-ayang kapaligiran ng tao kaysa isa isang maayos na lipunan subalit punô ng kasakiman, at kalungkutan na nagdudulot sa mga pagkitil ng sariling búhay, pagkalulong sa bawal na gamot, sakit sa utak, pagkalulong sa alak, at iba pang sakit ng lipunan ("The Role of the University in Changing Women's Consciousness" 594, akin ang salin).

Samakatwid, ang sinabi ni Quito na pag-unlad ay tumutukoy sa kabuuan ng tao at hindi lang ng kabuhayan ng tao. Kung magkagayon ay masasabi natin na ang edukasyon para kay Quito ay ang pagkakaroon ng kaalaman at pag-uugali tungo sa pag-unlad ng kabuuan ng tao at kabílang lámang dito ay aspekto ng ekonomiya.

### 3) Mapanuring Pag-iisip

Malinaw kay Quito na ang pinakatungkulin ng mga pamantasan ay pandayin sa mga kabataan ang kakayahang mag-isip ng kritikal ("The Role of University in Changing Women's Consciousness" 595). Ang kritikal na pag-iisip na ito, ayon kay Quito, ay tumutukoy sa kakayanan ng tao na makita ang sarili sa harap ng malaking larawan. Makikita din ang mga pagpapahalagang bumabalot sa lahat ng gawain may malay man o wala. Mapapansin na pinalalalim ng kakayanang ito ang paghusga sa mabuti o masama gamit ang mas malawak na paningin. Sa huli ay lumalabas na sa pamamagitan ng mapanuring pag-iisip ay binibigyang layà ang bawat tao na magpasya para sa kaniyang sarili.

Sa nabanggit na pananaw ay makikita ang taas ng tiwala ni Quito sa isang táong may kritikal na pag-

iisip na mailalagay lámang sa tulong ng edukasyon. Sa ganitong punto, kung lahat ng edukado ay may kritikal na pag-iisip, ang bawat isa ay magkakaroon ng mas bukas na pananaw. Ang kritikal na pananaw din ang sinasabi ni Quito na magbibigay sa tao ng pangkamalawakang pananaw sa mundo at higit na malawak at malalim na pagninilay-nilay sa mga bagay.

**4) Walang Isang Sistema para sa Lahat**

Malinaw kay Quito na walang isang sistema ng edukasyon na maaring maging angkop para sa lahat ng sitwasyon at bansa ("The Role of the University in Changing Women's Consciousness" 595). Lumalabas dito na bawat bansa ay nararapat na pag-aralan ang sistema na aangkop sa kanilang pangangailangan. Hindi maaari na gayahin o ipatupad ang isang matagumpay na sistema sa isang bansa sapagkat bawat bansa ay may kani-kaniyang kasaysayan at problema na dapat isaalang-alang. Bagaman kinikilala ni Quito ang katotohanan ng mga pananaw ng UNESCO at *Universal Declaration of Human Rights* ukol sa edukasyon bílang pangunahing karapatan ng bawat tao, naniniwala pa rin si Quito na nananatili itong isang masalimuot na bagay na nangangailangan ng ibayong pag-aaral.

**B. Edukasyon Para sa mga Filipino**

Kung walang isang sistema ng edukasyon na tutugma para sa lahat, napakahalagang alamin at sulyapan ang kasaysayan, kultura, wika, at pagpapahalaga ng isang lugar bago maglatag ng mga patakarang pang-edukasyon. Kayâ nga ang hinahanap at ninais ni Quito ay ang edukasyon na aangkop sa kakanyahang pambansa ang kultural ng mga Filipino. Sa ganitong punto, ang unang bahagi ng susunod na talakayan ay iikot sa pagkilala sa mga katangiang likás sa mga Filipino at kaniyang naiibang kasaysayan bílang mga pundasyon ng lahat ng panukalang pang-edukasyon ng bansa. Samantálang ang kasunod na bahagi ay tuwiran nang pagtalakay sa mga elemento ng pilosopiya ng edukasyon para sa mga Filipino.

**1) Sino ang Filipino?**

Sino nga ba ang mga Filipino? Mayroon bang katangian na matatawag na tuntungan ng pagiging Filipino?

**Diwang Filipino**

Payak ang sagot ni Quito sa tanong na ito. Wika niya, "Kung ang hinahanap natin ay ang hugis ng katawan o kulay ng balat o tabas ng mata, ay walang kasarilinang Filipino. Datapwa't mayroong kasarilinang diwa (soul identity) ang Filipino at hango ito sa pilosopiyang taglay ng bayang Filipino, "*Volkgeist*" sa wikang Aleman, "spirit of the people" sa wikang Ingles, at *diwa* sa wikang Filipino" ("Ang Pilosopiya: Batayan ng Pambansang Kultura 68"). Diwa ang ginamit ni Quito para sa kamalayang ito dahil para sa kaniya, *diwa* ang sumasalamin sa pangkalahatang kamalayan ng mga Filipino. Ang diwang ito naman, bílang kamalayan, ay maaari na ring tawaging pilosopiya. At ang diwang ito o pilosopiya ay makikita sa mga mito at alamat na nagpapakita ng kanilang pagpapahalaga at gawi. Mahalaga ang mga ito, ayon kay Quito, sapagkat dito naipapahatid ang masidhi o malalim na nararamdaman ng mga Filipino. Magandang saysayin na ang ganitong pananaw sa batayan ng pagka-Filipino bílang diwa ay paraang tinatahak din ni Virgilio Enriquez (1994) sa pag-aaral naman niya ng katangian ng sikolohiyang Filipino.

Kung papansinin ay makikita na ang katangian na sinasabi niyang larawan ng pagiging Filipino ay hindi pisikal. Sa halip ito ay tumutukoy sa pangkalahatang kamalayan ng mga mamamayang Filipino. Naroroon na ito bago pa man dumating ang mga mananakop at dalisay. Mababakas ang kadalisayan ng diwang ito sa mga mito at alamat sapagkat dito na rin makikita ang pagtatalaban ng kaisipan o diwa ng mga tao at ng kanilang pilosopiya. Ito ay makikita sa winika ni Quito na:

> Ano ang ginagampanan ng mga mito at alamat? Una, sila ang sugatan ng kaisipan ng mga tao; sila ang bumubuo ng pangkalahatang kamalayan ng mga tao, halimbawa ang pananaw sa Diyos o pangyayari. Samakatwid

ay may kaugnayan ang mga mito at mga katutubong kaisipan ng mga tao kanon din sa kanilang mga likás na pilosopiya ("Structuralism and the Filipino Volksgeist" *732, akin ang salin).*

Mababalikan ang mga panitikang ito sa mga akdang naisulat sa mga bernakular na wika sa mga lalawigan. Wika nga ni Quito, "Ang Filipino ay maaring makita sa pamamagitan ng mga katutubong panitikan sapagkat ito ay sa kanilang likás na pag-iisip at pamumuhay*"* ("A Filipino Volksgeist in Vernacular Literature" 755, akin ang salin). Malaki ang tiwala ni Quito sa mga manunulat sa lalawigan sapagkat para sa kaniya ay mas nahuhúli nila ang diwang Filipino dahil mas dalisay ang búhay sa lalawigan kompara sa lungsod. Isa ang panitikan ng Pampangga sa mga naunang binigyan niya ng pansin bílang isa sa mga batayan ng diwang Filipino.

**Katangian ng Diwang Filipino**

Sa pag-aaral ni Quito ay lumabas ang ilang katangian ng diwang Filipino. Ilan sa mga ito ay pagiging relihiyoso at ang pagkakaroon ng kakaibang batayan ng gawi at pagpapahalaga sa búhay.

Una, noon pa man ay may malalim nang paniniwala ang mga Filipino sa isang Kataas-taasang Nilalang *"Supreme Being."* Kinuha ni Quito ang pag-aaral ni Pablo Fernandez ("History of the Church in the Philippines," 733) na nagsasabi na noon pa man ay mayroon nang kinikilalang Diyos ang mga Tagalog na Bathala, Laon sa mga Visaya, at Cabunian sa mga Ilokano. Kayâ naman tulad ni Landa Jocano ("Philippine History" 733) ay naniniwala si Quito na bago pa man dumating ang mga Kastila ay napakalaki na nang ginagampanan ng paniniwala sa Diyos o relihiyon sa bansa, bagaman ang relihiyong ito ay hindi pormal o walang isang sistema.

Ikalawa, mayroon na ring sistema ng pagpapahalaga ang mga Filipino na batay sa paniniwala sa Diyos o kay Bathala at sa Batas ng Panunumbalik na may kahawig sa batas ng Karma ng mga Indian. Ang mga batayan ng pagpapahalaga at gawi na ito ay ang sumusunod:

Bahala na. Ito ay galing sa salitang Bathala na. Nangangahulugan ito pagbibigay ng tiwala sa Bathala sa lahat ng maaaring maganap sa isang gawain o adhikain sa búhay. Samakatwid ay nag-uugat ito sa matinding pananampalataya sa Kataas-taasang Bathala.

Gulong ng Palad- paikot mag-isip ang mga Filipino. Naniniwala sila na lahat ay nagbabago sa búhay. Lahat ay matatapos at mapapalitan, pagkatapos ng hirap ay saya naman at pagkatapos ng saya ay hirap kayâ dapat itong paghandaan.

Kagandahang-loob- mapagbigay at maalaga ang mga Filipino. Maayos silang tumanggap sa mga bisita at matulungin. Isang halimbawa nito ay makikita sa kanilang bayanihan

*Reciprocity*- ito ay ang pagkilala na ang mga bagay na tinatanggap buhat sa kapwa ay nararapat ding ibalik at bigyan ng karampatang pagpapahalaga. Makikita ito sa mga gawi tulad ng: paggalang sa matatanda, pakikisama, utang na loob (mas maipapaliwanag sa susunod na paksa).

Hiya- ito ay maaaring tingnan sa iba't ibang aspekto tulad ng kawalan ng sariling kusa, kawalan ng kakayahang tumanggi sa kahilingan ng iba, at kawalan ng tiwala sa sarili" ("Structuralism and the Filipino Volksgeist" 733, akin ang salin).

Subalit sa pagdating ng mga dayuhan, ang diwang ito na natago sa mga panitikan ay natabunan o napalitan. Nagbago ang sitwasyon kayâ naligaw at nalunod ang mga Filipino sa bagong kalinangan, bagong gawi, at bagong pagpapahalaga.

**2) Filipino sa Panahon ng Pananakop**

Sa tatlo't kalahating siglo ng pagkapailalim sa mga dayuhan, tatlo sa mga Español at kalahati sa mga Amerikano, gayundin bunga ng pakikipag-ugnayan sa mga karatig bansa, nagkaroon ang mga Filipino ng *"colonial mentality"* o pag-iisip kolonyal, kagawiang banyaga, at hilaw na pagpapahalaga.

**Pag-iisip na Banyaga**

Ang pag-iisip kolonyal ay bunga ng pananakop ng mga dayuhan sa larangan ng kultura o kalinangan, kayâ kahit malayo na sila ay nananatili sa isip ng mga Filipino ang kanilang epekto. Ang masama pa sa pananakop na ito, ayon kay Quito, ay "mas nadadaig (dayuhan) ng kanilang kalinangan ang likas na kalinangan (sinasakop). Sa gayon ay nagkakaroon ng *"inferiority complex"* o kompleho ng kababaan sapagkat laging inihahambing ang kanilang sarili sa dayuhan na malayo na ang naabot, hindi lamang sa larangan ng kalinangan kundi ng ekonomiya na rin" ("Pilosopiya ng Edukasyon sa Diwang Filipino" 1).

Sa hinuha ni Quito, ang ganitong kaisipan ay nagbunga ng dalawang bagay: una ay ang pagkapoot sa mga dayuhan dahil sa pagkawala ng kanilang kalinangan, at ikalawa ay ang lihim naman ng paghanga sa mga ito. Kayâ sa kabila ng poot ay ginagamit nila ang wika, gawi, pagpapahalaga, at relihiyon ng mga dayuhan upang sa gayon ay mapabílang sila sa kanilang hinahangaan. At ang mas masakit pa rito, ayon kay Quito, ay "karaniwan sa mga bayang nasakop ay mahigpit pang kumakapit sa kuldon ng kongkistador" ("Pilosopiya ng Edukasyon sa Diwang Filipino" 2). Tila sinasabi ni Quito na mismong mga nasakop na rin ang pinipilit na ikubli ang kanilang mga sarili sa anino ng mga mananakop. Mas pinipilit nilang ibílang ang kanilang mga sarili sa anyo ng mga dayuhan kaysa balikan ang kanilang sariling kalinangan.

Sa puntong ito, kung sasabihin na "ang kalinangan ay sagisag ng isang bayan: ang kabuuan ng kaniyang kasaysayan, wagas at walang bakas ng banyagang ideolohiya" ("Pilosopiya ng Edukasyon sa Diwang Filipino" 2), masasabi na hindi na dalisay at buo ang kalinangang Filipino. Ang pag-iisip at ng mga Filipino ay banyaga na at laging may pagkiling sa banyagang kalinangan. Bagaman malinaw na may pagkiling sa kalinangang banyaga, ang masama pa rito, ayon kay Quito ,ay hindi malinaw kung saang kalinangan kumikiling, kung sa silanganin o kanluranin.

**Gawi**

Maaaring ilatag ang mga kagawian na nakita ni Quito ("The Ambivalence of Filipino Traits and Values" 42–45) sa apat na grupo ang sumusunod: katamaran, pagkamakasarili, karuwagan, at kahinahunan. Ang saysay ng mga kagawiang ito, ayon kay Quito, ay mabuti o masama lámang depende kung saan at kaninong pananaw ang gagamitin. Kung makasilangang kalinangan ang gagamitin ay mabuti ang mga gawing ito, samantálang kung kanluranin ay magiging kahinaan naman ang mga ito.

Ang unang grupo na tumutukoy sa katamaran ay may mga gawing tulad ng ningas-kugon, bahala na, sakop *mentality,* at mañana. Ang ningas-kugon ay ang paggawa ng mabilisan ngunit mabilis din kung tumigil. Mabuti ito dahil nagiging mabilis ang paghusga ng isang tao, subalit negatibo dahil nawawala ang pagpapatuloy ng isang bagay. Ang *bahala na* naman ay tumutukoy sa pagpapaubaya sa mga maaaring mangyari sa Bathala. Nagpapakita din ito sa pagiging bukas sa iba't ibang posibilidad na maaaring mangyari. Maganda ito dahil nagpapakita ito ng malalim na pananampalataya sa banal. Nagiging handa din sa lahat ng maaaring mangyari, ngunit sa kabiláng dako ay nagiging tamad at umaasa na lámang sa halip na paghandaan ang mga bagay-bagay. Ang sakop na kaisapan ay tumutukoy sa pagiging kabílang ng pamilya o kasamahan sa lahat ng pagpili. Mabuti ito dahil ipinapakita nito ang pagkakaisa ng pamilya o samahan subalit masama rin dahil halos nagiging nakasalalay na lámang ang isang tao sa nais o pulso ng nakararami. Ang *mañana* naman ay tumutukoy sa palagiang pagpapaliban ng mga gagawin. Maganda ito dahil nagpapakita ito nang kahinahunan at kawalan ng problema, subalit hindi rin maganda dahil sa palagiang pagkabalam ng mga takdang gawain ay walang natatapos. Sa puntong ito ay walang isang paliwanag ang katamaran sa mga Filipino kundi nakasalalay lámang sa kung anong pamantayan ang gagamitin ("The Ambivalence of Filipino Traits and Values" 42–45).

Sa ikalawang grupo, sa pagkamakasarili ay kabílang naman ang "hiya, at kani-kaniya" ("The Ambivalence of Filipino Traits and Values" 45, akin

ang salin). Ang hiya sa aspektong ito ay tumutukoy sa kawalan ng lakas ng loob na subukin ang ibang bagay. Kaugnay din ng hiya ang dangal kung saan sinasabi ay dapat "magkaroon ng kahihiyan" o "panatilihin ang dangal." Maganda ang unang kahulugan ng hiya dahil hindi na nahihirapan at nahahadlangan ng mga bagay-bagay ang isang tao, subalit hindi rin maganda dahil hindi na nailalabas ang sariling kagalingan. Samantálang ang pag-uugnay sa hiya at dangal ay laging mabuti ang hangganan. Ang pagkakani-kaniya naman ay tumutukoy sa pagtatampok sa mga kabílang sa pangkat o sakop. Kaakibat din nito ang pagsasawalang- bahala sa mga táong hindi kabílang sa isang grupo. Mabuti ito dahil natututo ang bawat isa na pahalagahan ang pamilya o ang samahan, subalit masama dahil nagiging limitado ang pakikisama sa pamilya o sa iilang grupo lámang.

Sa ikatlong grupo ay binigyang-pansin ni Quito ang kahinahunan ng mga Filipino. Ito ay makikita sa mga gawing tulad ng "pwede na at ok lang" ("Pilosopiya ng Edukasyon sa Diwang Filipino" 4). Ang "puwede na" ay nagpapakita ng pagtanggap sa mga bagay-bagay anuman ang kayarian nito. Ito ay mabuti dahil walang nasasaktan at natatapakan sa ganitong patakaran. Gayon din ang "ok lang", na malinaw ang pagpayag at pagsang-ayon kahit walang pag-aaral na ginawa; ang mahalaga ay mapagbigyan at hindi makasakit ng iba. Subalit sa puntong ito ay tila pinipilit na lámang tanggapin ng mga Filipino ang isang bagay kahit hindi siya nasisiyahan o sumasang-ayon sa dahilang gusto niyang masiyahan ang isang tao at ayaw makasakit ng damdamin ng iba. Sa gayon ay nasasakripisyo ang kalidad o kagalingan ng mga gawain.

Ang hulíng grupo ay may kinalaman sa karuwagan ng mga Filipino sa pagtanggap sa sariling pagkakamali. Ayon kay Quito, ang mga salitang tulad ng "saving face, akala ko, at kasi" ("Pilosopiya ng Edukasyon sa Diwang Filipino" 4) ang sumasalamin nito. Ang "akala ko" ay ang dagliang paghuhugas-kamay sa isang pangyayari, samantálang ang "kasi" ay tumutukoy sa pagbibigay ng dahilan kung bakit nangyari o nagawa ang isang bagay. Mabuti ang mga ito sapagkat nagpapakita ito ng bilis ng isip at kakayahang linisin ang pangalan sa mga hindi magandang nagaganap. Subalit hindi rin ito maganda sapagkat nagpapahiwatig ang "akala ko" ng kakulangan ng mga Filipino sa kritikal na pag-iisip, hindi muna nagsisiyasat o nagtatanong bago gumawa ng isang bagay kayâ malimit ay walang kaayusan. Samantálang ang "kasi" ay nagpapakita ng pagtalikod sa negatibong ginawa, gusto lagi ay may masisisi.

Mapapansin na may kaguluhan ang direksiyon ng mga gawing ito. Ito ay dahilang, ayon kay Quito, ang kagawiang Filipino ay bunga ng pinagsama-samang "relihiyon ng mga Kastila, teknolohiya ng mga Amerikano, at diwa ng mga Asyatiko" ("Ang Pilosopiya: Batayan ng Pambansang Kultura" 686). Sa gayon ay naghahalo-halo at hindi maintindihan kung ano at saang pagkakataon mas makatutulong at kapaki-pakinabang ang isang kagawian. Kayâ nga malinaw na sinabi ni Quito na "ang magaling na pilosopiya ng edukasyon para sa mga Filipino ay maglalagay ng kaayusan sa ating mga katangiang negatibo" ("Pilosopiya ng Edukasyon sa Diwang Filipino" 5).

**Pagpapahalaga**

Ang pagpapahalaga ang batayan ng katarungan para kay Quito. Ang katarungan ay ang pagbibigay ng kung ano ang nararapat kaninuman, sinuman, at saanman. Malawak itong usapin dahil sa bawat sitwasyon ay maaaring magkaroon ng napakaraming batayan kung paano ibibigay ang mas malaki o mas maliit sa isang pangkat. Kayâ naman mahalagang linawin ang pamantayan ng pagpapahalaga. Sa pag-aaral ni Quito sa mga Filipino ay naghanay siya ng mga batayan ng pagpapahalaga para sa mga Filipino. Ilan sa mga batayang ito, ayon kay Quito, ay ang sumusunod: "utang na loob, hiya, amor propio, pakikisama, at pagmamahal sa pamilya" ("Pilosopiya ng Edukasyon sa Diwang Filipino" 5).

Ang utang na loob ay tumutukoy sa pagkilala sa sinumang tumulong o nagbigay ng pabor sa kanila. Sa gayon, kung sakali at dumating ang panahon na sila naman ang humingi ng tulong ay hindi niya ito maaaring tanggihan dahil sa kaniyang pagkakautang. Mabuti ang pagkilala na ito sapagkat naroon ang elemento ng seryosong pagkilala at pagpapasalamat,

subalit nagiging negatibo ito dahil una, may mga seryosong pabor na hindi dapat basta-basta ibinibigay subalit kapag nahilingan ng pinagkakautangan ng loob ay napipilitang ibigay tulad ng boto sa mga politiko. Sa gayon ay nasasakripisyo ang katotohanan, ang kalidad, at ang pag-unlad sa pangkalahatan.

Malaki rin ang pagpapahalaga ng mga Filipino sa mga pangalan, pamilya, at trabaho. Sinumang nagtataglay ng mga ito ay masasabing kinikiláia sa lipunan. Sa puntong ito, makikita na kalimitan ay lagi silang napapaburan at hindi naitatama ang kanilang mga kamalian dahil sa hiya sa kanila. Sa gayon ay naaabuso ang mga batas at tungkulin para lámang hindi mapahiya ang ibang tao. Halos katulad na rin nito ang pakikisama. Lahat ay gustong maging masaya kayâ lahat kung maaari, ay pakikisamahan at bibigyan ng pabor.

Sa hulí ay namamayani ang pamilya sa lahat ng bagay. Kayâ lumilitaw ang kasabihang "mas matimbang ang dugo kaysa tubig." Sa lahat ng pagkakataon ay makikita na hindi maaaring iwan o ipagpalit ang pamilya. Kayâ naman sa sobrang pagmamahal sa pamilya, kahit may asawa na ang isang Filipino ay kasáma pa rin sa bahay.

Kung susuriin ay makikita na ang pagpapahalagang Filipino na una, ito ay nagsusulong ng patakaran na nakasalalay sa relasyon. Nagiging maganda, magaling, o karapat-dapat ang isang tao sa isang bagay kung may relasyon siya sa mga hurado o nagbibigay ng bagay na ito. Sa ganitong punto ay mas pinalalakas ang pagkakaroon ng kaugnayan sa mga may katungkulan kaysa pagpapalakas ng sariling kaalaman o kakayahan. Ikalawa ay nagdudulot din ito ng pagkakawatak-watak sapagkat nagiging matapat ang isang tao hindi sa tungkulin o katotohanan kundi sa ng grupo na kinabibilangan. Ikatlo, nawawala ang elemento ng kagalingan o kadalubhasaan at katotohanan sa mga bagay-bagay dahil lahat ay natatabunan ng relasyon. Sa gayon ay hindi napagyayabong at nagagamit ang sukdulan ng kakayahan ng mga Filipino dulot ng kawalan ng motibasyon at puwang upang kilalanin ang kagalingan lalo na sa isang tao na walang mahigpit na kaugnayan sa may katungkulan. Sa hulí ay makikita na walang isang bagay na dapat sana ay magdudugtong sa lahat ng pagkakaiba na dulot ng pamilya, lugar, wika, at relihiyon. Ang bagay na ito ay maaaring pagmamahal sa bayan o nasyonalismo.

### 3) Tatak ng Edukasyon para sa mga Filipino

Kagaya ng nabanggit sa mga unang bahagi, ang edukasyon para kay Quito ay hindi lang pagbibigay o pagpapayabong ng kaalaman, ito rin ay dapat tungo sa kaunlaran; gayundin ang pagtalakay niya sa edukasyong Filipino, ayon sa kaniya "bawat hakbang sa kaunlaran, lalong-lalo na sa edukasyon, ay nararapat mag-ambag sa kaunlaran ng bayang Filipino" (Ibid). Mapapansin na sa naunang paliwanag ni Quito sa edukasyon ay tumutukoy ito sa pangkabuuang pag-unlad ng tao, subalit sa pagbása niya sa edukasyon para sa mga Filipino, ito ay tumutugon hindi lámang sa pag-unlad ng tao kundi maging sa bayan. Sa gayon ay masasabing may tatak ng nasyonalismo o pagmamahal sa bayan ang Pilosopiya ng Edukasyon na inilalatag ni Quito para sa mga Filipino.

Malinaw kay Quito na hámon sa mga Filipino na "kailangan nating muling buuin ang ating mga adhikaing pang-edukasyon tungo sa maka-nasyonalismong antas" ("Philosophy of Education for the Filipinos" 762, akin ang salin). Mapapansin na isinusulong ni Quito ang paglalagay sa nasyonalismo bílang kaakibat na pagpapahalaga at adhikain sa lahat ng larangan sa bansa. Sa ganitong punto ay hindi lámang paglalagay o pagpapayabong ng kaalaman tungo sa kaunlaran, paglalatag ng tamang gawi at pagpapahalaga, pagbuo ng kritikal na pag-iisip, ang layunin ng edukasyon para sa mga Filipino kundi maglalagay ito ng nasyonalismo sa mga mamamayan bílang pundasyon ng lahat ng pagkatuto. Ang nasyonalismo na rin ang magbubuklod sa lahat ng pagkakaiba na dinadala dulot ng relihiyon, wika, lugar at pamilya.

### 4) Deskolonisasyon at Filipinization

May paghamon na sinabi ni Quito na "kung nais natin ang edukasyon na tunay na maka-Filipino, nararapat magkaroon ng 'Filipinization' sa lahat ng larangan" ("Pilosopiya ng Edukasyon sa Diwang

Filipino" 2). Ang '*Filipinization*' ay ang pagsasabúhay o pagpapanumbalik ng mga kalinangan, gawi, at pagpapahalaga ng mga Filipino sapagkat ayon kay Quito, ang Pilipinas ay may kalinangan na bago pa man dumating ang mga Kastila, kalinangan na matatawag na Filipino.

Maisasakatuparan ang 'Filipinization' sa pamamagitan ng deskolonisasyon o pagkalas sa kalinangan ng mga kongkistador. Ang pagkalas na ito ay marahas dahil babalikan nito ang kalaliman ng kaluluwa o kamalyan ng táong sinakop. Ang karahasang ito ay walang pagpili sapagkat sa lahat ay dapat maalis simula sa pinakamaliit hanggang sa pinakamalaking epekto ng mga dayuhan. Ito ay tumutukoy sa pagkalahatang pagtalikod, pagbabalik at marahil ay hindi rin matatapos. Alam ni Quito na "mahirap itong gawin, dahil mistulang pagwawalay ito ng batang munti sa kaniyang ina at kapag hindi nagtagumpay ang pagwawalay na ito sa inang kultura, ang isang bayan ay mananatiling nakabilanggo sa kaniyang sariling bakuran" ("Pilosopiya ng Edukasyon sa Diwang Filipino" 2). Sa gayon ay hindi ito maaaring ipagwalang-bahala sapagkat mababalewala ang mga pinaghirapan ng mga naunang makabayang Filipino na nagbuwis ng búhay para sa kalayaan. Matuwid na sinabi ni Quito na "ang kasarinlang ipinagkaloob lamang ay walang kabuluhan kung ang mga taong sinakop ay patuloy pang tumatangkilik sa landas ng buhay ng kongkistador" ("Pilosopiya ng Edukasyon sa Diwang Filipino" 2).

Sino naman ang gagampan sa tungkuling ito? Para kay Quito, "malaki ang pananagutan ng mga katutubong intelektuwal sapagkat sa kanila nakasalalay ang pagbangon ng isang sariling kalinangan o kultura." Dagdag pa niya "tungkulin ng mga intelektuwal ang kumalas sa kalinangan ng kongkistador sa pamamagitan ng pagbalangkas ng sariling kalinangan" ("Pilosopiya ng Edukasyon sa Diwang Filipino" 2). Wika ni Quito, dapat tandaan ng mga intelektuwal na "ang pakikipaglaban para sa pambansang kultura ay nangangahulugan na ring pakikipaglaban para sa kalayaan ng bayan" ("Philosophy of Education for the Filipinoes" 763, akin ang salin).

Pinuri niya si Renato Constantino bílang isa sa mga intelektuwal na nag-umpisa na sa proyektong ito. Bahagi ng deskolonisasyon ang muling pagsulat ng kasaysayan hango sa pananaw ng mga Filipino at hindi sa pananaw ng mga Kastila. Hindi na dapat sabihin na natuklasan ang Pilipinas noong 1521 sapagkat naroon na ang Pilipinas bago pa man dumating ang mga Kastila at mayroon nang kalinangang matatawag na Filipino. Nararapat na bigyang dangal din hindi lámang si Rizal kundi maging sina Lapu-lapu at iba pang bayani. Mahalaga ring ipagpatuloy ang pagsulat ng kasaysayan sa pananaw Filipino tulad ng pagkilala kina Benigno Aquino bílang mga bagong bayani.

### 5) Pagpapahalaga at Gawi Bílang Batayan ng Pilosopiya ng Edukasyon Para sa mga Filipino

Kinikilala ni Quito ang katotohanan na ang pagpapahalaga ay laging kasama sa lahat ng adhikain ng tao ("A Filipino Philosophy of Value" 33). Sa gayon ay napakahalagang salik ng pagpapahalaga sa anumang layunin lalo na sa edukasyon sapagkat, wika ni Quito, ang pagpapahalaga ay may aktibong papel sa lahat ng kaniyang may layuning pagkilos. Kayâ naman binibigyang diin niya na "ang pilosopiya ng edukasyon sa Pilipinas ay dapat tumutugon sa kagawiang Filipino…maglalagay ng kaayusan sa mga katangiang negatibo" ("Pilosopiya ng Edukasyon sa Diwang Filipino" 4). Gayon pa man, dapat ay ang nasyonalismo o damdaming pagkamakabayan ang siyang tuntungan o pundasyon ng lahat ng pagpapahalagang ito.

### Pagpapahalaga at Gawi na dapat Bigyang Pansin

Para kay Quito ang mga negatibong pagpapahalaga at kaugalian ay dapat bigyang pansin. Dapat ilagay sa sistema ng edukasyon ang "diwa ng pananaliksik, pagtataas ng antas ng kadalubhasaan, at ang pagtatrabaho upang magtagumpay" ("Pilosopiya ng Edukasyon sa Diwang Filipino" 4).

Ang diwa ng pananaliksik ay tumutugon sa pagkakaroon ng kritikal na pag-iisip ng mga

Filipino upang siyasatin muna ang kahinaan at kagalingan ng mga bagay-bagay na dapat gawin. Ang aspektong ito ay tumutugon sa pagkilala ni Quito ("Regeneration of Moral and Social Values" 152) sa katalinuhan at kalayaan ng tao para pumili ng kaniyang pagpapahalaga. Maliwanag na sinasabi ni Quito na ang mga kabataan ay nararapat na bumuo ng sarili nilang batayan ng pagpapahalaga na magagamit upang abutin ang kanilang mga piniling layunin Makikita rito ang pagbibigay responsablidad sa tao sa kaniyang mga ginagawa. Sa gayon ay maiiwasan ang mga kagawian tulad ng "kasi" at "akala ko" sapagkat bawat isa ay may pagsisiyasat at pag-angkin sa kaniyang ginawa.

Samantálang sa pagtataas ng antas ng kadalubhasaan, makaiiwas ang mga Filipino sa mga kaugaliang "p'wede na" at "ok na". Mawawala na rin sa sistema ang "sakop" na pamantayan at palakasan. Sa gayon ay mailalabas na ng isang tao ang tugatog ng kaniyang kakayahan. Hindi na papayag ang mga Filipino sa mga mabababang kalidad ng trabaho sa ngalan ng pakikisama.

Sa hulí ay ang pagtatrabaho para sa tagumpay ay magbibigay ng pagpapahalaga sa pagsisikap at pag-iwas sa katamaran na siyang pangunahing problema ng mga Filipino.

**Paraan ng Pagsusuri at Pagtutuwid sa Gawi at Pagpapahalagang Filipino**

May dalawang uri ng pagpapahalaga ang tao ayon kay Quito. Ito ay ang "kamalayan ng pagpapahalaga (*sense of values*) at ang antas ng pagpapahalaga (*scale of values*)" ("A Filipino Philosophy of Value" 34). Dagdag pa niya, ito ay may dalawang palapag, kung saan ang unang palapag ay kumakatawan sa kamalayan sa pagpapahalaga at ang ikalawang palapag ang kumakatawan sa antas ng pagpapahalaga. Ang kamalayan sa pagpapahalaga ay ang moralidad na hinubog sa tao buhat pa sa kaniyang pagsilang hanggang sa ikalabindalawang taóng gulang. Para kay Quito, sa pagsilang ng bata ay isang "tabula rasa" o blangko ang kaniyang pagpapahalaga kayâ ang pagpapahalagang ito ay bahagi na ng mga batas ng lipunan, pamilya, at paaralan. Sa gayon ay hindi ito pinipili ng isang tao at sa halip ay nabubuo na lámang sa kaniya nang hindi niya namamalayan.

Ayon kay Quito, tinatawag niya itong "kamalayan o sentido" sapagkat ito ay malabo at nag-iiba-iba sa lahat ng pagkakataon. Malalaman lámang ng bata na mabuti o masama ang kaniyang ginagawa kung siya ay pinaparusahan na o binibigyang ng papuri. Sa ganoon ay nakabatay sa parusa at gantimpala ang palapag ito.

Samantálang ang antas ng pagpapahalaga naman o ang ikalawang palapag ay ang estado na nangyayari pagkalipas ng ikalabindalawang taon kung saan naibabalangkas na ng isang tao kung ano ang kasiya-siya o kapaki-pakinabang batay sa sarili niyang pagmumuni-muni. Para kay Quito, layunin o goal ng tao sa búhay ang batayan kung ano ang magiging kasiya-siya o kapaki-pakinabang sa kaniya. May málay at kalayaan ang tao sa pagkabuo nito. Malaki ang tulong ng pakikisalamuha sa ibang tao, pinag-aralan, at mass media sa pagkabuo ng pagpapahalagang ito.

Maaaring itanong, "Papaano kung ang layunin ng tao ay ang magpasarap sa kaniyang sarili, gumawa ng masama, halimbawa ay manggahasa?" Malinaw naman kay Quito na dahil may málay, kalayaan, at talino ang tao ay hahanakin siya nito sa paggawa ng mabuti dahil ang pagkapit lámang sa kasarapan ay bahagi ng pagiging hayop na nagpapadala lámang sa paghatak ng kasarapan. Sa gayon ay sinabi ni Quito na ang pagpapahalaga ng isang tao ang magpapakita ng kaniyang pagkatao.

Kung ilalagay ang teorya ng pagpapahalagang ito sa kasalukuyang pagpapahalaga at kaisipang Filipino, ang pag-iisip kolonyal ay bahagi na ng sistema ng búhay Filipino kayâ kabílang na ito sa kamalayan ng pagpapahalaga o unang palapag. Dahil ito ay nandiyan o ibinigay lámang sa kanila ay wala silang málay o layà sa pagpili nito. Sabi nga ni Quito, "ang pagpapahalagang Filipino ay nanunuot sa mga himaymay ng kanyang búhay kayâ wala na siyang malay dito" ("A Filipino Philosophy of Value" 34). Likás na ito sa mga Filipino at pinipili na nila nang walang málay. Dito na sinusukat ang tama at mali, mabuti at masama, maganda o pangit. Kayâ naman ang paghahangad na gumawa ng mga bagong

pagpapahalaga na may damdaming makabayan o nasyonalismo ay magsisimula at magaganap lámang sa pangalawang palapag o antas ng pagpapahalaga. Ayon kay Quito, malaki ang gagampanan ng mass media sa usaping ito.

Sa pagpapatuloy ng paglalagay ng nasyonalismo sa búhay pagpapahalaga ng mga Filipino at pagtutuwid sa mga negatibo, hindi magtatagal at ang mga pagpapahalagang ito naman ang siyang magiging pangunahing pagpapahalaga. Magiging likás na rin sila sa mga bagong Filipino. Bagaman matagal, mahirap, at masalimuot ang prosesong ito, naniniwala si Quito na ito ay magaganap kung sisimulan sapagkat para sa kaniya, ang lipunan naman ay binubuo ng malalayang indibidwal, kung kayâ ang pagbabago ng isa at pagbabago ng marami ay pagbabago na rin ng lipunan.

## C. Wika at Edukasyong Filipino

Wagas ang pananalig ni Quito na ang unang hakbang tungo sa pagtataguyod ng pambansang damdamin at kamalayan ay may kinalaman sa wika. Kasama niya na nagsusulong ng ganitong kaisipan sina Zeus Salazar ("1974) at Prospero Covar (1998) ng Unibersidad ng Pilipinas. Ayon kay Quito, "sa pamamagitan ng wika, tayo ay magbabalik sa mga ugat, sa pinakamalalim na adhikaing namamayani sa ating bansa" ("Wikang Pambansa at Edukasyon" 146). Makikitang ganito rin ang punto ni Salazar sa sinabi niya na "dala ng wika an gating kulturang kaniya ring pinauunlad" (x). Sa pagpapatuloy, lumalabas talaga sa kaisipan ni Quito na maaaring sabihin na hindi maaabot ang tunay na antas ng nasyonalismo ng isang tao kung hindi siya marunong magsalita ng wika ng kaniyang bansa. Ayon kay Quito, ang mga ganitong bagay ay hindi na dapat pagtalunan pa sapagkat para sa kaniya, sinumang "nagsasaad na ang nasyonalismo at ang wika ay magkaakbay ay nakayapak sa *terra firma* ng magandang asal at matinong pag-iisip" ("Wikang Pambansa at Edukasyon" 146).

Kayâ naman ang adhikain ni Quito ay gamitin ang wikang pambansa ng mga Filipino bílang unang wika ng bansa. Mahalaga ito dahil para sa kaniya "maibubunyag lamang ang malalim na kalungkutan (damdamin) o pighati kung hindi sa sariling wika" ("Wikang Pambansa at Edukasyon" 138).

### 1) Filipino at mga Suliranin sa Wika

Filipino (dati ay Tagalog) ang wikang itinuturing ni Quito na pambansa at unang wika na dapat gamitin ng mga Filipino. Sa gayon ay dapat pag-ibayuhin ang paggamit nito sa lahat ng larangan at antas ng pakikipagtalastasan sa bansa sapagkat para sa kaniya "di uunlad ang wikang Filipino kung hindi ito (gagamitin) bibigyan nang pagkakataon" ("Ang Kayamanan ng Wikang Pilipino" 602). Dagdag pa niya, lahat ng wika ay nagsimula sa wala kayâ kung papaunlarin ang wikang Filipino ay hindi malayong maihanay rin ito sa maraming kilalang wika.

Sa puntong ito ay may ilang mga katanungan na dapat linawin. Una, bakit hindi Ilokano o Sebwano ang gawing pambansang wika? Walang pagtutol si Quito kung ano ang gawing pambansang wika. Ang mahalaga sa kaniya ay magkaisa ang mga Filipino na gumamit ng isang pambansang wika para sa lahat. Sa gayon ay pumapayag siya kung palitan ito ng Sebwano o Ilokano man.

Ikalawa, kung puwede naman pala na kahit ano, bakit hindi pa Ingles? Ayon kay Quito ("Wikang Pambansa at Edukasyon" 138), ang wikang Ingles ay hindi angkop sa ating kalinangan, karanasan, at diwa. Hindi nito maipadarama ang ating malalim na saloobin. Dagdag pa niya, ang Filipino ay kabílang sa pamilya ng wikang Malayo-Polinesia at madali tayong matuto nito. Kayâ naman kahit anong wika na manggagaling sa bansa ay puwedeng gamitin sapagkat ang mga wika sa Pilipinas ay magkakalapit sa tunog, talasalitaan, at estruktura. Sa kabiláng dako, ang Ingles ay kasama sa isang angkan ng wikang banyaga, ang Indo-European. Kayâ naman kahit gaano na katagal nag-aaral ang mga Filipino ng Ingles ay naniniwala si Quito na hindi pa rin ganap ang paggamit nila rito. Ayon kay Quito, kailan man ay hindi natin maaring maipahayag ang ating malalim na damdamin sa Ingles na gaya ng mga Ingles o mga Amerikano.

Ikatlo, Ingles ang pandaigdigang lengguwahe, kayâ kung hindi natin ito pag-aaralan ay maiiwan tayo

ng internasyonalismo. Wala namang tutol si Quito sa pag–aaral ng Ingles. Sa katunayan, ayon kay Quito, ay maaari pa o mas maganda kung aabot sa hanggang tatlong wika ang káyang salitain ng mga Filipino. Pero mariin niyang sinasabi na mas maganda kung dalubhasa na tayo sa ating wika at maaari na tayong mag-aral ng ikalawang wika. Sa gayon ay maaaring sabihin na magandang marunong sa Ingles ngunit bílang pangalawang wika.

Ikaapat, kúlang ang talasalitaan ng Filipino para gamitin sa paaralan at salat din ang mga aklat na maaaring gamitin upang ito ay ituro. May pag-amin si Quito sa katotohanang ito, pero para sa kaniya ay ganoon talaga, sapagkat lahat naman ng wika ay nagsimula sa wala kayâ "di uunlad ang wikang Filipino kung hindi ito (gagamitin) bibigyan nang pagkakataon" ("Ang Kayamanan ng Wikang Filipino" 602). Sa punto ng pagsasalin sa mga teksto sa Filipino, wala namang problema ayon kay Quito sapagkat "ang dapat isalin ay ang ideya, hindi ang salita" ("Wikang Pambansa at Edukasyon" 147). Dagdag pa niya ay maari tayong humiram sa ibang mga wika kung sakaling hindi talaga maisalin ang isang salita. Ang mahalaga lámang dito, ang pagpapaliwanag ay dapat bigkasin sa Filipino. Ilan sa mga maaaring hiramin ay ang mga salita sa matematika, agham, fisika, biyolohiya, sikolohiya, at marami pang iba. Sa aspekto naman ng kakulangan ng aklat na maaaring gamitin, iminumungkahi ni Quito na "ang mga dalubhasa o dalubguro ng bawat disiplina ay anyayahan o pilitin o hikayating maglimbag ng mga aklat tungkol sa kanilang disiplina sa wikang Pilipino, at ipamudmod ito sa karaniwang Pilipino" ("Ang Pilosopiya: Batayan ng Pambansang Kultura" 689).

**2) Paraan ng Pagsulong ng Wikang Pambansa**

Sa hulí, malaking katanungan kung sino ang gagampan sa adhikain ukol sa pagsulong ng wikang pambansa. Lahat ay salarin sa pagbagsak ng wikang pambansa, kayâ naman lahat ay may tungkulin sa pagpapanumbalik nito. Ayon nga kay Quito, "ang pagsisikap ay kailangang bumukal sa sarili nating kusa sapagkat hindi ito makukuha ng mga dekreto at *department orders* lamang" ("Wikang Pambansa at Edukasyon" 141). Samakatwid, nararapat lámang na ito ay angkinin at gamitin ng bawat isa dahil uunlad lámang ito kung gagamitin. Pero para sa kaniya, ang unang dapat na pagkilos sa usaping ito ay magsimula sa mga intelektuwal. Mariin niyang sinabi na "sa kanila nakasalalay ang pagbangon ng isang sariling kalinangan o kultura." ("Pilosopiya ng Edukasyon sa Diwang Filipino" 2) Ang ganitong pananaw ay makikita din kay Salazar sa sinabi niyang " tungkulin ng bawat intelektuwal ang lumapit at magbalik sa karunungang-bayan, sa kulturang Pilipino upang tulungan talagang mabuo ito sa sariling wika" (x). Samantálang sa pagpapatuloy, gaya ni Salazar ay malaki ang pagkilala ni Quito sa tungkuling gagampanan ng pamahalaan sa usaping ito. Para sa kaniya, "tanging ang lubos na pagtataguyod ng pamahalaan, ang puspusang pagtulong ng pribadong sektor, at ang pinakamalaganap na pagpapahayag ng mass media ang makatutulong sa pagpapaunlad ng wika" ("Wikang Pambansa at Edukasyon" 141). Kayâ naman nagbigay siya ng mga tumpak na hakbang upang ito ay magtagumpay. Ilan sa mga ito ay ang sumusunod:

> a) Ang pangulo at ang kaniyang gabinete ay dapat manguna sa kampanyang ito;
> b) ang mga intelektuwal ay dapat tumayo sa unang hanay ng mga tagapagtaguyod ng Filipinisasyon sa pamamagitan ng malawakang pagsasalin, pagpapanayam at pagdaraos ng mga pagtitipong gagamitan ng Filipino.
> c) Ang industriya at kalakalan ay dapat hikayatin na sa tabi ng kanilang mga memos, paunawa, at paalaalang nakasulat sa Ingles ay dapat ding ilagay ang katumbas na Filipino.
> d) Ang Kongreso ay nararapat na gumawa ng isang batas na lilikha ng isang Pambansang Akademya ng Filipino ("Wikang Pambansa at Edukasyon" 141).

Naniniwala si Quito na mas mabilis ang pagkatuto ng mga mag-aaral kung ang wikang ginagamit ay ang kaniyang sariling wika. Kayâ naman kung magtatagumpay ang hangarin niyang ito sa mga Filipino ay buo ang kaniyang pananalig na hindi lámang ito ukol sa nasyonal na pakikibaka kundi

para na rin sa higit na ikauunlad ng pedagohiya sa pagkatuto o pang-edukasyon.

## D. Balangkas o Kurikulum ng Bagong Sistema ng Edukasyon

Ang mga naunang paksa ay tumutukoy sa nararapat na katangian ng edukasyong Filipino. Samantálang ang bahaging ito ay tutukoy naman sa pangkalahatang karanasan o kurikulum ng isang mag-aaral na kukuha ng edukasyong Filipino. Bagaman malinaw na dapat makabayan at nakaugat sa pagpapahalaga ang edukasyong Filipino, mahalaga ring tingnan ang sumusunod na tanong: Anong uri pa ng kaalaman ang dapat matutuhan? Sino-sino ang mga sangkot sa pagkatuto? Ano-ano ang mga pamamaraan na makatutulong tungo sa ganap na pagkatuto?

### 1) Ano ang Dapat Matutuhan?

Walang limitasyon ang pagkatuto para kay Quito at kahit anong paksa ay maaari at nararapat lámang maging bahagi ng pag-aaral. Bukás si Quito maging sa mga sensitibong kaalamang tulad ng komunismo. Para sa kaniya, mas delikado ang "kamangmangan" sa mga bagay na ito dahil ito ang nagdadala ng pagkatakot at pagkabulag sa totoong kahulugan ng isang ideya. Sa gayon, kung "sapat ang pag-uunawa sa bagay na ito, tayo ay maaaring kumilos nang nababatay sa karunungan at katarungan" ("Maaari Bang Magtagumpay ang Komunismo Sa Pilipinas" 1).

Pero ano nga ba ang uri ng kaalaman na dapat matutuhan ng mga Filipino? Ang kaalaman na itinuturo sa mga pamantasan ay may dalawang uri: ang antigo na makaesensiya at ang pragmatiko o praktikal. Ang antigong kaalaman ay sumusunod sa kasabihan na karunungan para sa karunungan o *knowledge for knowledge sake*. Dito, ang isang mag-aaral ay nagnanais matuto pagkat ang pagkatuto ay siya na mismong kasiyahan. Kabílang ang pilosopiya, kasaysayan, antigong wika, at sining sa mga kursong napapaloob dito, at ang ganitong uri ng kaalaman ay malimit matagpuan sa mga mauunlad na bansa. Samantálang ang kaalamang pragmatiko naman ay nakatuon sa pagkakaroon ng mabilisang resulta o produkto ng pagkatuto. Malimit namang matagpuan ang ganitong uri ng pagsasanay sa mga bansang papaunlad pa lámang kung saan ang mga tao ay hinihimok mag-aral para kumita.

Sa pagbása ni Quito sa kasaysayan, kaugalian, at pagpapahalaga ng mga Filipino, ang panukala niya ay ang pagkakaroon ng edukasyon na nasa pagitan ng sobrang antigo at pragmatiko na purong paggawa o teknikal. Para kay Quito, talagang napakahalaga at walang katumbas ang pagkakaroon ng mga pragmatikong kaalaman pero giit niya, "ang sobrang pagpapahalaga sa pramatiko na nagbubunsod sa pagsasaisang-tabi sa dangal at dignidad ay mistulang paglimut na rin sa *ultimate end* at pangkalahatang pang-unlad ng tao" ("The Role of the University in Changing Women's Consciousness" 593, akin ang salin).

Mapapansin dito na tinatanggap ni Quito ang tindi ng pangangailangan sa lakas-paggawa lalo na sa estado ng ekonomiya ng bansa. Alam niya na kailangan talagang magsanay sa ilalim ng edukasyong Filipino ng mga magagaling na manggagawa. Subalit malinaw rin sa kaniya na hindi lang dapat magagaling ang mga manggagawa na ito. Dapat na sila rin ay may malalim na kaalamang klasiko na mag-uudyok sa kanila upang mag-isip nang kritikal. Sa gayon, sa kaalaman ding ito nakatanim ang pagmamahal sa bayan o nasyonalismo. Samakatwid, buo ang kaalaman na nais ibigay ni Quito. Ang edukasyon na nais niya ay hindi naglalayong gumawa ng mga táong magiging kasangkapan lámang ng mga makapangyarihan kundi ang mga táong nag-iisip, kritikal, at may pagmamahal sa bayan.

### 2) Sino-sino ang mga Sangkot sa Pagkatuto?

May kababaang-loob na inamin ni Quito na ang lahat ay may pagkukulang sa pagpapanatili ng isang kultong banyaga o isang pag-iisip banyaga. Kayâ naman ang lahat din ay inaasahang makisangkot sa usaping ito. Gayunman ay may ilan siyang binigyan ng tiyak na tungkulin sa hámon na ito.

Sa simula ay iniatang ni Quito ang pagkilos sa

mga intelektuwal at dalubhasa. Ayon sa kaniya, "nakasalalay sa ating mga intelektuwal at dalubhasa ang pagtatatag at pagtataguyod ng pambansang kamalayan na siyang matatawag na sariling kultura at partimonya ng mga Pilipino" ("Wikang Pambansa at Edukasyon" 147). Naniniwala si Quito na malaki ang responsabilidad ng mga intelektuwal sa lipunan. Sa artikulong kaniyang isinulat na *Philosophy as a Critique of Society* (2002), kinuha niya ang kaisipan ni Ayn Rand sa aklat na *For the New Intellectual*. Wika ni Rand, "ang mga dalubhasang intelektuwal ang boses ng kultura, samakatwid, sila ang pinuno nito, ang tagausig, at tagabantay" (*"For the New Intellectual*" 41, akin ang salin).

Kasunod ng mga intelektuwal ay ang mga guro. Para kay Quito, ang mga guro ay dapat kumilos upang maibalik ang Filipino sa Pilipinas at sa pagka-Filipino. Sa gayon, ang mga guro ay dapat mag-aral ng mga pagpapahalagang siyang magiging pundasyon sa pagtuturo sa mga silid-aralan. Kung titingnan ay malaki ang iniaatang na tungkulin ni Quito sa mga guro sapagkat para sa kaniya "ang problema sa mundo ngayon ay hindi ang kakulangan ng kakayanan ng mga mag-aaral, kundi ang kakulangan ng mga intelektual sa mga kaguruan" ("Homage to Jean-Paul Sarte" 62, akin ang salin). Kailangan kritikal at may malawak na pag-alam ang mga guro sa nangyayari sa lipunan sapagkat walang aspekto ng búhay ang hindi nahihipo ng mga mga guro.

Kung babalikan ang diskurso ukol sa wika, makikita na malaki ang dapat gampanan ng gobyerno, lalo na ang pangulo at ang kaniyang gabinete. Gayon din ang tinatahak na landas ng mga patakaran ukol sa edukasyon dahil ayon kay Quito, "ang pag-aaral ng Filipino ay hindi lámang sa kadahilanang nasyonal kundi sa kadahilanang edukasyonal din" ("Wikang Pambansa at Edukasyon" 143). Kung titingnan ang linya ng pag-iisip na ito, ang patakaran sa wika ay hindi rin maaaring ihiwalay sa layunin ng patakaran sa edukasyon sapagkat silang dalawa ay magkaabay. Sa gayon, ang mga táong inaasahang magtaguyod ng wika ay sila na ring inaasahang magtaguyod ng pilosopiya ng edukasyon.

**3) Paraan Tungo sa Ganap na Pagkatuto**

Malinaw kay Quito na ang suliranin ng edukasyon sa Pilipinas ay ang kawalan ng pag-uugnay sa kaalamang teorya at praktika. Lantad sa mga papel at patakaran ng bansa na ang edukasyon sa Pilipinas ay "nagbibigay (ito) ng 'pakundangang pangbibig' (*lip service*) sa nasyonalismo habang ito naman ay maliwanag na sumasamba sa mga idolo at ideolohiyang banyaga" ("Pilosopiya ng Edukasyon sa Diwang Filipino" 4). Ang pahayag na ito ay kumikilala sa pagkakaroon naman talaga ng mga batas hinggil sa pagkanasyonalismo ng edukasyon ngunit hindi naman naipatutupad. Samakatwid ay maaaring sabihin na alam ng mga Filipino na dapat ay bumalik sa pagpapahalaga, lalong-lalo na ang pagmamahal sa bayan. Alam ng mga Filipino na mahalaga at dapat gamitin ang wikang pambansa para sa ikauunlad ng bayan. Pero ang pag-alam na ito ay hindi nangangahulugan na gagawin nila ang nararapat dulot ng dalawang maaaring dahilan, ang ukol sa pag-uugali at ang pagkaligaw sa mga kaalamang banyaga.

Sa usapin ng pag-uugali ay katamaran ang siyang pinakamabigat na dahilan upang isagawa ang pilosopiya ng edukasyong ito na makikita sa hanay ng mga intelektuwal at hanay ng masa. Sa hanay ng mga intelektuwal, para kay Quito, "dahil sa katamaran, ang mga intelektuwal ay sumasandal na lámang sa inang kultura sapagkat ito ay malaon at subok na, samantálang ang kanilang itatatag na kultura ay baguhan, asiwa at walang sandigan" ("Pilosopiya ng Edukasyon sa Diwang Filipino" 1). Sa ganitong punto ay dapat magkaisa ang mga intelektuwal na kumilos kahit mahirap ang gawaing ito. Sa hanay ng masa, makikita ito sa mga pag-uugali tulad ng "bahala na" na kaysa kumilos at paghandaan ang mga bagay-bagay ay ipinagpapaubaya na lámang sa Bathala ang lahat. Bagaman sinasabi na ito ay tanda naman ng lalim ng kanilang pananampalataya, subalit sa isang bandá ay makikita ang isang pagnanaw na ito na isang uri din ng pag-iwas sa trabaho at pag-iisip, sa madaling salita ay katamaran. Kayâ naman laging may paghámon na sinasabi ni Quito na nawawala na ang masidhing damdamin ng mga Filipino pagdating sa pag-alam at pagtuklas.

Samantálang sa usapin ng mga kaalamang banyaga ay may dalawang panukala si Quito: "una ang mga ideyang banyaga ay pag-aaralan sa sarili nilang anyo at ang pangalawa, ang ideyang banyagang ito ay nararapat ipunla sa pag-iisip-Pilipino" ("Pilosopiya ng Edukasyon sa Diwang Filipino" 4). Ang unang panukala ay pagkilala na talagang maraming mga kawili-wiling teorya sa pilosopiya, ekonomiyam at iba pa na buhat sa mga dayuhan na nararapat matutuhan. Subalit dahil ang mga teorya na ito ay nabuo sa banyagang kasaysayan, suliranin, at sitwasyon, mahalagang ilagay ito sa sariling sitwasyon ng mga Filipino. Sa pagpapaliwanag ni Quito, "hindi natin maaaring saloobin ang mga hiram na ideya at pagyamanin ang ating kultura hanggang hindi natin ito itinatanim sa lupa ng ating pag-iisip" (**"**Ang Pilosopiya: Batayan ng Pambansang Kultura" 688). Sa puntong ito ay maiaangkop ang mga kaalaman sa sitwasyon ng mga Filipino. Maaari nila itong dagdagan o bawasan, ang mahalaga ay tutugon ito sa tunay na búhay Filipino.

### E. Posibilidad ng Bagong Kultura at Kamalayan

Ang Filipinization at deskolonisasyon ay magtatagumpay, kung hindi man ngayon ay mangyayari ito sa hinaharap. Walang pagdududa si Quito sa katotohanan ng bagay na ito sapagkat para sa kaniya, ang sibol ng nasyonalismo ay hindi maaring supilin. Darating at darating ang panahon na maghahangad ang mga Filipino ng pagbalik sa kanilang wika sapagkat doon lámang maipahahayag ang kanilang malalim na saloobin. Darating ang panahon, babalik ang mga Filipino sa kanilang ugat sapagkat walang saysay ang kalayaan kung mananatili ang pagkiling sa mga kalinangang dayuhan. Laging maghahangad ang mga Filipino na bumalik sa kaniyang kultura sapagkat "ang kultura ang siyang pangunahing pagpapahayag ng (ating) pagkabansa; ito ang kabuuan ng buong nakalipas ng ating mga kababayan" ("Wikang Pambansa at Edukasyon" 147).

Sa hulí, ang pananalig ni Quito ay nag-uugat sa kaniyang pananaw na ang mga "Filipino ay may katutubong talino at hindi nagkukulang sa karunungan ng isang nilalang" ("Ang Pilosopiya sa Diwang Filipino" 200).

## II. Pagsilip sa Posibilidad ng Pilosopiya ng Edukasyon ni Quito

Si Quito mismo ay naniniwala at nagsusulong sa kaisipan na bawat panahon o kasaysayan ay nangangailangan ng naiibang pilosopiya ng edukasyon. Kayâ naman dahil nagbago na ang panahon buhat nang itayo niya ang mga pundasyon ng kaniyang pilosopiya ng edukasyon ay maaari na ring pasubalian na ilan sa mga pundasyong ito ay hindi na angkop sa kasalukuyang panahon. Dahil dito ay bubuksan ng tagpong ito ang ilan sa kaniyang mga kaisipan na nararapat bigyan ng muling pagtingin sa kaligiran ng makabagong salik at diskurso sa edukasyon. Ipakikita rito ang ilang mga implikasyon kung ito ay ipagpapatuloy pa o dapat nang iwan at maghanap ng panibagong solusyon.

### 1) Pagka-Filipino Bílang Tuntungan ng Edukasyon

Ang pagka-Filipino ang una at pangunahing sangkap ng edukasyon na ninais ipatupad ni Quito. Matuwid niyang sinasabi na kung aalisin ang kaisipan ng pagka-Filipino sa edukasyon sa bansa ay hindi ito magiging kapaki-pakinabang. Napakabigat ng panimulang kaisipan niyang ito dahil nagbubukas ito sa maraming katanungan tulad ng mayroon bang kakanyahan ang Filipino na masasabing purong Filipino na maghihiwalay sa mga Filipino at di-Filipino?

Malinaw ang sagot ni Quito sa tanong na ito. Sinabi niya na hindi makikita ang katangiang ito sa pisikal na anyo ng mga Filipino. Ayon nga sa kaniya, "kung ang hinahanap natin ay ang hugis ng katawan o kulay ng balat o tabas ng mata, ay walang kasarilinang Filipino. Datapwat mayroong kasarilinang diwa (soul identity) ang Filipino at hango ito sa pilosopiyang taglay ng bayang Filipino." ("Ang Pilosopiya: Batayan ng Pambansang Kultura" 686) At ang diwang ito ay makikita sa mga panitikan tulad ng

tula, kuwento, at kanta ng mga Filipino. Lumalabas din na kahit may iba't ibang lengguwahe ang mga Filipino ay may pagkakaisa naman ang kanilang diwa dahil may pagkakatulad ang kanilang pananaw sa mundo.

Subalit ang problema sa sagot na ito ay nakatago sa nakaraan ang diwa na ito at kailangang balikan. Samakatwid ay binubuksan ng sagot na ito ang ilang mabibigat na katanungan. Una, hanggang kailan ang punto na dapat balikan para matawag na ang estado na iyon ay sa mga Filipino? Ikalawa, kung mayroon mang Filipino, hindi ba kasama sa kaniyang pagka-Filipino ang karanasan nila sa panahon ng pananakop hanggang sa kasalukuyan? Ikatlo, posible bang maging puro ang pagiging Filipino sa panahon ng globalisasyon?

Sa unang katanungan, hinggil sa panahon o punto kung saan may diwa talaga na matatawag na Filipino, makikita na bago pa man dumating ang mga dayuhan, ang Pilipinas ay hinahati-hati ng mga isla at lengguwahe. Samakatwid, iba't iba rin ang kanilang sining at literatura, kung magkagayon ay pwedeng sabihin na iba't iba din ang kanilang diwa. Kung gayon, ang diwa ng mga panahong iyon ay hindi matatawag na diwa ng isang bansa kundi diwa ng mga lahi ng bawat lugar. Bakâ naman ang diwang tinatawag ni Quito ay isang pangarap lámang bago pa man dumating ang mga dayuhan. At ang nagpatibay lámang ng pagiging isang bansa ay ang pangkalahatang pagdanas ng karahasan sa mga Kastila. Kung magkagayon ay wala namang isang diwa ang mga Filipino, nagkaroon lámang ng isang pangkalahatang pagkilos dahil ang lahat ay nakaranas ng karahasan na nagbunsod ng isang pare-parehong kasagutan. Dito makikita na hindi iyong diwa ang naging dahilan ng pangkalahatang pagkilos kundi iyong sama-samang pagdanas ng isang bagay sa ilalim ng mga dayuhan.

Sa ikalawang katanungan, kung sakali man at mayroon ngang diwang Filipino bago pa man dumating ang mga dayuhan, at ang diwang ito ay nasakop ng mga Kastila, maaari bang sabihin na ang karanasan sa panahon ng pananakop ay bahagi na rin ng pagka-Filipino. Sa puntong ito ay magandang tingnan na ang diwa o ang sarili ay hindi binubuo ng isang esensiya na sa simula at simula pa ay buo na at sa halip, ang diwa o ang kasarinlan ng bansa ay nagpapatuloy at binubuo. Tulad ng isang tao, ang kaniyang mga karanasan, mabuti man ito o masama, ay bahagi na ng kaniyang pagkatao. Ganito rin ang pagtingin ko sa bansa. Ang mga natutuhan sa panahon ng pananakop ay hindi na maaaring alisin bílang aspekto ng pagka-Filipino.

Ang hulí naman ay tumutukoy sa pagka-Filipino sa panahong kasalukuyan. Ang daigdig ay umiikot sa ilalim ng globalisasyon kung saan bawat bansa ay nakaaapekto sa isa't isa. Ang mga gawi, pagpapahalaga, at kalinangan ng isang bansa ay mabilis nang nakararating sa isang bansa. May kasarinlan pa bang matatawag na Filipino ang isang Filipino kung saan ang pagka-Filipino na ngayon ay itinatakda sa bisa ng batas. Ayon sa Saligang Batas ng Pilipinas ng 1987, artikulo apat, seksiyon isa, ang mga Filipino ay ang sumusunod:

> [1] Those who are citizens of the Philippines at the time of the adoption of this Constitution;
> [2] Those whose fathers or mothers are citizens of the Philippines;
> [3] Those born before January 17, 1973, of Filipino mothers, who elect Philippine citizenship upon reaching the age of majority; and
> [4] Those who are naturalized in accordance with law

Makikita rito na hindi naman mahalaga kung gumagamit ka ng wikang Filipino o hindi. Hindi kailangang alam mo ang pagpapahalaga o gawi ng nakararami. Ang mahalaga ay kinikilala ka ng batas na ikaw ay Filipino. Kayâ kahit sa ibang bansa isinilang ang isang tao, doon nanirahan, at babad sa kalinangang dayuhan subalit siya ay anak ng isang Filipino, Filipino pa rin siya kahit wala siyang nalalaman sa kulturang Filipino.

### 2) Globalisasyon at ang Posibilidad ng Deskolonisasyon at Filipinisasyon

Nakaangkla ang pilosopiya ng edukasyon ni Quito sa paghahawan ng mga kalinangang Filipino

o deskolonisasyon. Hangad nito na alisin ang mga epekto ng mga dayuhan sa lahat ng aspekto ng pagiging Filipino. Gayundin ay ang Filipinization o ang paggamit at pagsasabúhay ng mga kalinangan Filipino sa lahat ng larangan, lalo na ang paggamit ng wika. Bagaman maganda ang hangaring ito, nangangailangan naman ito ng masusing pagtanaw, lalo na sa panahon ng globalisasyon.

**Deskolonisasyon**

Maaari ba talagang magkaroon ng deskolonisasyon?

Sa unang bahagi ng globalisasyon na tumutukoy sa paglalapit-lapit ng lugar at pagpapabilis ng oras ay makikita na napakalaki ng epekto nito sa kalinangang Filipino. Una ay napakabilis nang makarating ang mga dayuhan sa Pilipinas at gayundin ang mga Filipino sa ibang bansa. Sa ganitong punto ay napakabilis ng palitan ng mga kalinangan at teknolohiya. Ang ganitong sitwasyon ay hindi maaaring iwasan lalo na sa isang sistema ng pamahalaan na demokratiko. Mas pinapalala pa nito ang malawakang kultura ng migrasyon. Ang mga Filipino ay pumupunta sa ibang bansa upang magtrabaho o manirahan, samantálang ang iba naman ay bumabalik na dala ang kalinangang dayuhan. Gayundin ay palasak ang mga dayuhan na naninirahan sa bansa upang magnegosyo o mag-aral kayâ naman ang palitan ng kalinangan ay tiyak na hindi maiiwasan.

Sa ikalawang bahagi naman, ang globalisasyon bílang ideolohiya na nakatuon sa prinsipyo ng malayang pamilihan ay makikita ang pagkalat ng mga multinational-supranational na korporasyon kung saan ang epekto sa mga tao, una sa trabaho at pamumuhay ay kakaiba. Ang mga ito ay nasa media, pamahalaan, pamilihan, at paaralan. Kayâ tiyak na ang pagbalik ay isang napakalayong gawain. Kasabay din nito ang walang hanggang bukal ng impormasyon o kaalaman na hindi káyang lagyan ng harang ang pagpasok ng mga mamamayan sa cyber world, virtual reality, o internet. Hindi na paaralan ang lugar para matutuhan ng bata ang ibang kamalayan kundi bukás na ito sa internet kung saan ang gobyerno ay wala nang sakop. Maaari ngang magkaroon ng mga batas upang ito ay limitahan, subalit dahil nasa demokratikong bansa tayo ay masyadong hindi kaaya-aya kung ito ay gagawin.

Samantálang kung talagang mangyayari man na maipatupad ang deskolonisasyon, hanggang saan masasabi na naabot na ang kalinangang Filipino? Malinaw kay Quito na bago pa man dumating ang mga dayuhan ay mayroon nang kalinangan na matatawag na Filipino. Subalit Filipino na nga ba sila dati, may mga pananaw na hindi naman talaga sila Filipino, o gumagalaw bílang isang bansa. Kumikilos sila batay sa angkan o lugar kayâ ang himagsikan ay pamprobinsya lámang at hindi bílang isang bansa. Kung magkagayon ay kaninong kalinangan ang babalikan,a mga Ilokano, Bisaya, Tagalog, o Muslim ba?

Samantálang kung babalikan ang salitang Filipino ay masasabi na hindi naman talaga ito tumutukoy sa mga Filipino (sa diwa na iniisip natin bílang mga taga-Pilipinas bago pa man dumating ang mga Kastila). Ang Filipino ay tumutukoy sa mga Español na ipinanganak sa Pilipinas. Kung magkagayon, ang deskolonisasyon ay paghahawan pa rin o pag-aalis ng pagka-Filipino ng mga Filipino upang lumitaw ang tunay na kalinangan ng mga tao bago dumating ang mga Kastila na tinatawag na **Indio.**

Filipinisasyon

Sa ganitong punto ay makikita na ang Filipinisasyon ay **pagsasa-INDIO**. Pero sino ang mga Indio? Sila ba ay ang mga Igorot, Ilokano, o Muslim? Ang mga grupo ng tao na ito ay mayroong iba't ibang kultura, wika, at kalinangan. Hindi rin nila alam na sila ay isang bansa. Maraming mga talâ na ang bawat isa ay may alitan. Kung magkagayon, ang Filipinisasyonna **pagsasa-INDIO** ay pagbalik sa panahon ng pagkakawatak-watak o pagkakani-kaniya na tuluyang sumasalungat sa layunin ni Quito na pagkakabuklod-buklod.

Sa isang bandá ay subukin nating bigyan ng puwang ng pagdududa, na noon pa man ay mayroon nang diwang-Indio na sinasabi ni Quito na masasalamin sa pagkakapareho ng mga literatura ng magkakaibang kulturang ito (Ilokano, Tagalog, Bisaya, Muslim). Ang mga susunod na katanungan naman ay: kung magtagumpay man ang deskolonisasyon at mailagay ang antas ng

kalinangan, pagpapahalaga, at gawi ng isang Filipino (Indio), papaano ito isasabúhay? Posible ba ang isang kalinangan na walang bahid ng ibang kultura sa panahong kasalukuyan? Magandang tingnan ang paksang ito sa apat na aspekto: kahalagahan, paraan, responsabilidad, wika at pag-unlad.

Sa unang paksa hinggil sa kahalagahan ay maaaring itanong na kung mayroon mang kalinangan, gawi, at pagpapahalaga ang mga Filipino bago pa man dumating ang mga dayuhan at maaari itong balikan ay masasabi pa bang mahalaga pa ito at kapaki-pakinabang sa panahong kasalukuyan? Halimbawa na lámang ay ang paraan ng pagsulat. Kung sakaling ituturo ang baybayin sa mga kabataan ngayon, mahalagang tingnan kung ito ay mas magdudulot ng ikauunlad ng mamamayan o lalo lámang magiging magulo at lálayô sa makabagong panahon ang mga Filipino. Hindi kayâ ito ay paraan ng pagbalik at lalo lámang maiiwan ang mga Filipino. Sa usapin ng pagpapahalaga, halimbawa ay ang pagtaas ng mga Tagalog kay Bathala, sa paggamit ng "bahala na," mas makakatulong ba ito sa búhay Filipino? May pagkakaiba ba ito sa pananampalatayang Kristiyano Katoliko o bakâ naman binabago lámang ang salita pero ang gawa at ang diwa ay ganoon pa rin. Hindi ba dapat ang pagpapahalaga at gawi ay tutugon upang makasabay ang tao sa kasalukuyang takbo ng búhay at hindi dapat ang kasalukuyan ang makikibagay sa gawa at pagpapahalaga ng mga tao.

Mahalagang saysayin ang kahalagahan ng diyalogo ng tao at kalagayan sa kaligiran ng pag-unlad at edukasyon. Wika nga ni Paolo Freire, "kung walang diyalogo ay walang komunikasyon, at kapag walang komunikasyon  wala ding totoong edukasyon" ("Pedagogy of the Oppressed," 81, akin ang salin). At sa diyalogo ay hindi maaari na isa lámang ang magdidikta. Marahil ay may kalinangan na babalikan at may mga iiwanan na rin kung ito ay hindi na mahalaga o kailangan. Samakatwid, ang Filipinisasyon/ **pagsasa-Indio**, ay dapat pagpili lámang ng mga kalinangan na makatutulong at paglimot sa mga hindi na kailangan.

Ikalawa, ang pamamaraang hangad ni Quito ay nagsisimula sa mga intelektuwal o dalubhasa tapos tumutuloy sa pagsuporta ng pamahalaan at ng lahat ng aspekto ng lipunan. Dito makikita ang kapangyarihan na ibinibigay ni Quito sa paaralan na tila hindi na isang katotohanan sa paraang kasalukuyan. Talos naman ni Quito ang kakayahan ng mga korporasyon pero hindi niya nakita na maaari ring pasukin ng korporasyon ang sagradong lugar ng pamantasan. Sapagkat sa kasalukuyan ay nagiging isang korporasyon na rin ang pamantasan. Ang kultura at bayan ay hindi na pangunahing layunin ng pamantasan kundi ang mga tubò bílang korporasyon ang patakaran. Ang mga intelektuwal ay nawawalan na ng responsabilidad sa ikauunlad ng karunungan kundi sa ikauunlad na lámang ng pamantasan. Kung magkagayon ang, kapangyarihan ay wala na sa mga dalubhasa kundi nasa administrador na ng pamantasan o dili kayâ ay sa mga may-ari ng pamantasan. Ang isa pang punto ay nawawalan na ng kapangyarihan ang pamantasan sa pagtatanghal ng antas ng kaalaman. Lumalakas na rin ang antas ng mga pribadong korporasyon sa larangan ng pananaliksik. Ayon nga sa ilang pananaw, minsan ay mas mataas pa ang antas na sertipiko na ibinibigay ng isang korporasyon, halimbawa ay Microsoft, kaysa ng isang pamantasan. Sa puntong ito ay napakamasalimuot ang pagbalik at pagsasakatuparan ng Filipinisasyon.

Panghuling aspekto ay ang usapin ng wika. Maganda ang panukala ni Quito na gumamit ng isang wika na matatawag na Filipino. Kahit anong wika man ito, ang mahalaga ay ang pagkakasundo na gagamitin ito para sa ikauunawa at pagkakaisa ng lahat. Subalit hindi lámang usapin ng nasyonalismo ang isinasaalang-alang sa kasalukuyang diskurso. Kasama na rin dito ang nasyonaslismo, edukasyon, ekonomiya, at globalisasyon sa pangkalahatan.

**Paglalagom**

Handang-handa si Quito sa kaniyang pamamahinga. Ayon nga kay Anne Quito sa kaniyang blog "The Philippines' greatest female philosopher has died" (2017)  nang hulí niyang dalawin ang kaniyang tiya noong 2016 ay sinabi nito ang kaniyang laging dasal na *"I have one prayer to God when I wake up every morning: Take me. I'm ready."* Marahil nasabi na niya at naisulat ang mga nais niyang sabihin. At isa

ang pilosopiya ng edukasyon para sa mga Filipino na talaga namang higit niyang binigyan ng pansin at panahon. Inilatag niya ang sa palagay niya ay higit na makabubuti para sa kaluwalhatian ng bayan.

Ang kamatayan ni Quito ay nagpapaalala lámang ng ating pagiging mortal, na tayo ay may talagang hangganan. Tunay na isang hámon ang pagsunod sa búhay na ipinamalas ni Quito bílang kaibigan, guro, at pilosopo. Subalit mas higit na napakalaking hámon ang ipagpatuloy ang pag-iisip para sa pilosopiya ng edukasyon na higit na magpapaunlad at magdadala sa kaginhawahan ng Lahing Filipino.

## SANGGUNIAN


Abulad, Romualdo. "Introduction." *A Life of Philosophy, Festschrift in Honor of Emerita S. Quito.* Manila: De La Salle University Press. 1990. iii. Print.

Covar, Prospero. *Larangan: Seminal Essays on Philippine Culture*. Maynila: Sampaguita Press, Inc.1998. Print.

De Leon, Emmanuel, "Emerita S. Quito (1929 --): Ang Ugat ng Isang Panibagong Direksiyon ng Pamimilosopiya sa Pilipinas." *Malay 29.2 (2017): 30-46.* Print.

Demeterio, F.P.A. III. "Re-Reading Emerita Quito' Thoughts on the Underdevelopment of Filipino Philosophy." *SCIENTIA Multidisciplinary Journal* : (2000): Print.

———."Status and Directions for 'Filipino Philosophy' in Zialcita, Timbreza, Quito, Abulad, Mabaquiao, Gripaldo, and Co". *Φιλοσοφία: International Journal of Philosophy*. 14.2 (2013): Print.

Enriquez, Virgilio. *From Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience*. Manila, Philippines: De La Salle University Press, 1994. Print.

Fernandez, Pablo, "History of the Church in the Philippines." *"Structuralism and the Filipino Volksgeist." A Life of Philosophy: Festschrift in Honor of Emerita S. Quito.* by Emerita S. Quito. Manila: De La Salle University Press, 1900: 752-760.Print.

Freire, Paulo, "Pedagogy of Hope: Reliving "Pedagogy of the Oppressed*"* .New York: The Continuum Publishing Corporation, 1995. Print.

Jucano, Landa, "Philippine History." *"Structuralism and the Filipino Volksgeist." A Life of Philosophy: Festschrift in Honor of Emerita S. Quito.* by Emerita S. Quito. Manila: De La Salle University Press, 1900: 752-760.Print.

Liwanag, Leslie Anne L. "Ang Pilosopiya ni Emerito S. Quito". *KRITIKE: An Online Journal of Philosophy* 10:1.June, 2016.http://www.kritike.org/journal/issue_18/liwanag_june2016.pdf. Accesed April 10, 2018.

Quito, Anne. "The Philippines' greatest female philosopher has died". September 17, 2017. https://qz.com/725370/emerita-quito-the-greatest-forgotten-filipino-philosopher-has-died/ Web. April 10, 2018.

Quito, Emerita, "A Filipino Philosophy of Value." *Sophia* 13.1 (1983): Print.

———. "Ang Kaugnayan ng Wikang Pambansa at Edukasyon". *Malay* 6:2 (1987): Print.

———."A Filipino Volksgeist in Vernacular Literature." *A Life of Philosophy: Festschrift in Honor of Emerita S. Quito.* Manila: De La Salle University Press, 1990. Print.

———. *"A New Concept of Philosophy"* in *A Life of Philosophy: Festschrift in Honor of Emerita S. Quito*. Manila: De La Salle University Press, 1990. Print.

———. "Ang Kayamanan ng WIkang Pilipino." *A Life of Philosophy: Festschrift in Honor of Emerita S. Quito*. Manila: De La Salle University Press, 1990. Print.

———. "Ang Pilosopiya: Batayan ng Pambansang Kultura." *A Life of Philosophy: Festschrift in Honor of Emerita S. Quito.* Manila: De La Salle University Press, 1990. Print.

———. "Homage to Jean-Paul Sarte." *A Life of Philosophy: Festschrift in Honor of Emerita S. Quito* .Manila: De La Salle University Press, 1990.621-650. Print.

———. "Maaari Bang Magtagumpay ang Komunismo Sa Pilipinas?" *Malay* 5.2 (June-November, 1986): Print.

———. "Philosophy of Education for the Filipinoes. " *A Life of Philosophy: Festschrift in Honor of Emerita S. Quito.* Manila: De La Salle University Press, 1990. 761-768. Print.

———."Pilosopiya ng Edukasyon sa Diwang Filipino." Malay. 4.1-2 (May-November 1985): 200-264. Print.

———."Regeneration of Moral and Social Values." *Sophia* 4.3 1975: 152 Print.

———. Structuralism and the Filipino Volksgeist" *A Life of Philosophy: Festschrift in Honor of Emerita S. Quito.* Manila: De La Salle University Press, 1990. 752-760. Print.

———."The Role of the University in Changing Women's Consciousness." *A Life of Philosophy: Festschrift in Honor of Emerita S. Quito.* Manila: De La Salle University, 1990. Print.

———. "Wikang Pambansa at Edukasyon." *Malay* 6.2 (July – November 1987): Print

Rand, Ayn, "For the New Intellectual," *Philosophy as a Critique of Society Karunungan* by Emerita S. Quito.

Philippines: UST Publishing House, 2002. Print.

Republic of the Philippines. "*The 1987 Constitution of the Republic of the Philippines"*. 1987. Print.

Salazar, Zeus. *Ang Kasaysayan: Diwa at Lawak*. Lungsod ng Quezon, Pilipinas: Limbagan ng Unibersidad ng Pilipinas. 1974. Print.

Whitehead, Alfread, "The Aims of Education.". sa Quito, Emerita "The Role of the University in Changing Women's Consciousness." *A Life of Philosophy: Festschrift in Honor of Emerita S. Quito* . Manila: De La Salle University Press, 1990. Print.